Gabay lamang ang application form na ito. Gamitin ang natanggap na opisyal na application form mula sa City Office na nasa Nihongo.

# Application Form para sa Espesyal na Ayuda para sa COVID-19

## 1 Indibidwal na nag-aapply at tatanggap ng Espesyal na Ayuda (Pinuno ng Tahanan o Head of Household)

| | | |
|---|---|---|
| Address | 〒739-×××× <br> 東広島市××××× | |
| Pangalan | ×　×　　×　× <br> ○○　○○ | |
| Kapanganakan | ××年××月××日 | Stamp o Lagda |
| Numero ng telepono | ☎　　－　　－ | ㊞ |

Enquiry Number

| Petsa ng Aplikasyon | YYYY　MM　DD |
|---|---|

Sa Mayor ng Higashihiroshima City,
(Ayon sa munisipalidad kung saan nakarehistro ang iyong address hanggang Abril 27, 2020)
Sumasang-ayon ako sa Mga Tuntunin ng Kasunduan na nasa ibaba, kasabay ng aplikasyon upang matanggap ang Espesyal na Ayuda.
Basahin at suriing mabuti ang kalakip na 'Impormasyon tungkol sa Espesyal na Ayuda para sa COVID-19' bago punan at ipahulog ang aplikasyon.

Suriing maigi ang impormasyon mula 1 hanggang 5
※Gumamit ng ballpen na hindi nabubura.
※Siguraduhing mapunan lahat ng bahaging naka-pulang linya.

## Mga Tuntunin ng Kasunduan (Terms of Agreement)

① Maaring gamitin ng Higashihiroshima City ang datos na nakatala sa lungsod upang makumpirma ang aplikasyon mo.
② Maaring hingan ka ng karagdagang dokumento.
③ Kung hindi makapagdeposito sa ibinigay na bank account dahil sa pagkakamali sa pagpuno sa form, atbp, at kung hindi ka makontak o di kaya ang proxy mo upang masiguro ang impormasyon hanggang sa deadline ng aplikasyon, ituturing na lamang na binabawi mo na ang aplikasyon.
④ Kung nakatanggap ka ng parehong Espesyal na Ayuda mula sa ibang munisipalidad, kailangan mong ibalik ang natanggap na ayuda.
⑤ Kung malalamang sinuman sa iyong household (pamilya) maliban sa pinuno (head) ang nakakolekta (o nakatanggap) ng Espesyal na Ayuda, kailangang ibalik ito.

## 2 Mga miyembro ng tahanan (household) na makakatanggap ng Espesyal na Ayuda ※ Iwasto ang anumang pagkakamali sa impormasyon gamit ang pulang tinta.

| | Pangalan | Kaugnayan | Kaarawan | |
|---|---|---|---|---|
| 1 | ○○　○○ | ×× | ×年××月××日 | □Hindi ko nais matanggap ang ayuda |
| 2 | ○○　○○ | ×× | ×年××月××日 | □Hindi ko nais matanggap ang ayuda |
| 3 | ○○　○○ | ×× | ×年××月××日 | □Hindi ko nais matanggap ang ayuda |
| 4 | | | | □Hindi ko nais matanggap ang ayuda |
| 5 | | | | □Hindi ko nais matanggap ang ayuda |
| 6 | | | | □Hindi ko nais matanggap ang ayuda |
| 7 | | | | □Hindi ko nais matanggap ang ayuda |
| Kabuuang halaga | X00, 000 Yen | | | |

※ Hindi makakatanggap ng Espesyal na Ayuda ang may check sa box na 'Hindi ko nais makatanggap ng ayuda'!
※ Kung hindi mo nais makatanggap ng Espesyal na Ayuda, lagyan ng check ang box na kalinya ng naaayong pangalan.

Napunan mo na ba ang lahat ng hinihingi sa itaas? Suriin, saka check-an ang kahon:□　　Pumunta sa →3

## 3 Paraan ng pagtanggap ng ayuda ※ Pumili lamang ng isa (A o B), check-an ang angkop na kahon at isulat ang hinihinging impormasyon.

☐A **Idedeposito sa bank account (account lamang na nasa pangalan mo o ng proxy mo)**

| Pangalan ng Bangko/ (HINDI Japan Post Bank) | Pangalan ng Branch | Type | Numero ng Account (nakahanay sa kanan) | | | | | | | Furigana / Pangalan ng May-ari ng Account |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1: Bangko; 2: Shinkin Bank;3: Shinyo-Kumiai; 4: Shinren; 5: JA Bank (Nokyo); 6: Gyokyo; 7: Shingyoren | Branch Sub-branch / Code ng Branch | 1 Normal 2 Savings | | | | | | | | |

※ Punan lamang ang isa ayon sa nais, itong nasa itaas o itong nasa ibaba.

| Japan Post Bank | Code number (6 na numero) | | | | | | | Numero ng Account (Nakahanay sa kanan) | | | | | | | | Furigana / Pangalan ng May-ari ng Account |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Isulat lamang ang mga numero at simbolo na nasa pinakataas, sa gawing-kaliwa, kapag bukas ang bank book, o ang numero sa cash card. | | | | | ※ | | | | | | | | | | | |

↓（Lagyan lamang ng check ☑ ang nasa ibaba kung naaayon. ※ Kung may na-checkan na anumang kahon sa ibaba, hindi na kailangang maglakip ng kopya ng dokumento upang mapatunayan ang detalye ng bank account na pagdedepositohan.

Ginagamit ang account na ito para sa mga transaksyon sa Higashihiroshima City:

Pumapayag ako sa city checking ng Waterworks Department o ng mga departamentong kaugnay ng pagbubuwis, upang mapatunayan ang account na ito.

☐Bank transfer payment ng municipal/prefectural tax ☐Bank transfer payment ng Fixed Asset Tax
☐Pagtanggap ng Child Allowance ☐Bank transfer payment ng bill ng tubig

☐B **Personal na pagtanggap ng cash (pumunta sa lokasyon at petsang ibibigay ng lungsod)**

※ Para lamang ito sa mga walang bank account, o iyong mga napakalayo ang tirahan sa mga banko. Masisimulan ang pagdedeposito ng ayuda sa katapusan ng Hunyo.

Maayos mo bang napunan ang lahat, nang walang mali? Check-an ang kahon kung oo: ☐ Pumunta sa → 4

## 4 Kung magtatalaga ng proxy na mag-aapply at tatanggap ng ayuda para sa iyo (kailangan ding maglakip ng dokumento upang mapatunayan ang identidad ng proxy mo)

| Proxy | Furigana / Pangalan | Relasyon sa Aplikante | Araw ng Kapanganakan ng Proxy | Numero ng telepono ng proxy |
|---|---|---|---|---|
| | | | | ☎ |
| | Address 〒 | | | |

| | |
|---|---|
| Itinatalaga ko bilang proxy ang pangalan sa itaas, at may awtorisasyon syang gawin ang sumusunod:<br>Mag-apply ng Espesyal na Ayuda<br>Tumanggap ng Espesyal na Ayuda<br>Mag-apply at tumanggap ng Espesyal na Ayuda | Aplikante(Parehong pangalan sa 1)<br>Lagda (pangalan)<br>㊞ |

Maayos mo bang napunan ang lahat, nang walang mali? Check-an ang kahon kung oo: ☐ Pumunta sa → 5

## 5 Siguraduhing kumpleto ang hinihinging dokumento. Check-an ang tatlong kahon ☐ sa ibaba kapag nailagay na ang mga dokumento sa sobre.

☐Dokumentong nagpapatunay ng identidad ng pinuno ng tahanan (head of household)
**(Para sa residenteng hindi-Hapon) Residence Card (harap at likod ng card),**
Driving license, National Health Insurance certificate,
My Number card (harap lang) ※ Hindi maaring gamiting patunay ng identidad ang My Number Notification Card.

☐Kopya ng dokumentong nagpapatunay ng detalye ng bank account na pagdedepositohan ng ayuda (kinakailangan para sa mga pumili ng bank transfer sa (3) (may check ang A))

Dokumentong nagpapakita ng pangalan ng bangko o institusyong pinansyal, pangalan ng branch, numero ng account, at pangalan ng may-ari ng account (katakana)

Bank book (unang buong pahina kapag nakabukas ang bank book), cash card (ATM card), internet banking screen, atbp.

Kung naibigay na dati ang detalye ng account kung saan ibinabawas ang bill ng tubig, municipal at prefectural tax, atbp. (account na gamit para sa bank transfer payments), hindi na kailangang maglakip ng dokumentong nagpapatunay sa detalye ng bank account na pagdedepositohan ng ayuda.

☐ Dokumentong nagpapatunay sa identidad ng proxy (kailangan para sa mga nais na ang proxy nila ang mag-apply at/o tumanggap ng ayuda ( 4 ))